## Ang Talinghaga ng Alibughang Anak

(Lucas 15:11-32)



Isang araw, nagtipon ang maraming tao upang makinig kay Jesus. May mga Pariseo at tagapagturo ng batas na nagtanong kung bakit si Jesus ay kumakain at nakikisama sa mga makasalanan. Kaya't upang ipakita kung gaano kalaki ang pagmamahal ng Diyos sa mga tao, kahit na sila'y nagkakamali, ikinuwento ni Jesus ang isang talinghaga tungkol sa isang ama at ang kanyang dalawang anak.

Sinabi ni Jesus: "May isang lalaki na may dalawang anak na lalaki. Sinabi ng bunso sa kanyang ama, 'Ama, ibigay n'yo na po sa akin ang mana ko.' Kaya hinati ng ama ang kanyang ari-arian at ibinigay ito sa kanila.

Pagkalipas ng ilang araw, dinala ng bunsong anak ang lahat ng kanyang natanggap at pumunta sa malayong lugar. Doon, nilustay niya ang kanyang kayamanan sa magulong pamumuhay. Nang maubos na ang lahat ng kanyang pera, nagkaroon ng matinding taggutom sa lugar, at siya'y naghirap.

Nagtrabaho siya bilang tagapag-alaga ng mga baboy, at sa sobrang gutom, naisip niyang kainin ang pagkain ng mga baboy. Pero walang nagbigay sa kanya ng kahit ano.

Nang siya'y matauhan, sinabi niya sa sarili, 'Ang mga upahang manggagawa ng aking ama ay may sapat na pagkain, pero ako rito, halos mamatay na sa gutom! Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko, "Ama, nagkasala po ako laban sa langit at laban sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo. Gawin n'yo na lang po akong isa sa mga upahang manggagawa ninyo."'

Kaya tumayo siya at bumalik sa kanyang ama.

Habang siya'y malayo pa, natanaw na siya ng kanyang ama. Punong-puno ng habag, tumakbo ang ama patungo sa kanya, niyakap siya, at hinalikan. Sinabi ng anak, 'Ama, nagkasala po ako laban sa langit at laban sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo.'

Ngunit sinabi ng ama sa kanyang mga alipin, 'Dali! Dalhin n'yo ang pinakamagarang damit at isuot sa kanya. Lagyan n'yo ng singsing ang kanyang daliri at sapatos ang kanyang mga paa. Dalhin n'yo ang pinatabang guya at katayin. Magdiwang tayo, sapagkat ang anak kong ito ay namatay ngunit muling nabuhay; siya'y nawala ngunit natagpuan.' At sila'y nagdiwang.

Samantala, ang panganay na anak ay nasa bukid. Nang siya'y pauwi na, narinig niya ang musika at sayawan. Tinawag niya ang isa sa mga alipin at tinanong, 'Ano ang nangyayari?'

Sinabi ng alipin, 'Bumalik na ang kapatid mo, at pinapatay ng iyong ama ang pinatabang guya dahil ligtas siyang nakabalik.'

Nagalit ang panganay na anak at ayaw niyang pumasok sa bahay. Lumabas ang kanyang ama at nakiusap sa kanya, pero sinabi niya, 'Ama, napakatagal ko nang naglilingkod sa inyo, at hindi ko kailanman sinuway ang inyong utos, pero ni minsan ay hindi n'yo ako binigyan ng kahit batang kambing para makapagdiwang kasama ng aking mga kaibigan. Pero nang dumating ang anak n'yong ito, na nilustay ang inyong kayamanan sa masasamang gawain, pinatay n'yo pa ang pinatabang guya para sa kanya!'

Sinabi ng ama, 'Anak, lagi kitang kasama, at ang lahat ng akin ay iyo. Pero nararapat lang na magdiwang tayo at magalak, sapagkat ang kapatid mo ay namatay ngunit muling nabuhay; siya'y nawala ngunit natagpuan.'"

Ang talinghaga ito ay isang magandang larawan ng walang hanggang pag-ibig at kapatawaran ng Diyos. Tulad ng ama sa kwento na hindi tumigil sa pagmamahal sa kanyang anak, ang pag-ibig ng Diyos para sa atin ay nananatiling tapat—sa bakila ng ating pagiging makasalanan o kung tayo man ay naliligaw ng landas. Kahit gaano pa kalayo ang ating paglayo, laging handa ang Diyos na patawarin at tanggapin tayong muli nang buong puso sa oras na tayo'y magpakumbaba, aminin at pagsisihan ang ating pagkakamali. Hindi lamang tayo pinatatawad ng Diyos; Siya'y nagagalak at nagdiriwang kapag tayo'y bumabalik sa Kanya. Ipinapakita nito ang lalim ng Kanyang pagmamalasakit sa bawat isa sa atin at nagpapaalala na ang Kanyang pag-ibig ay hindi nakabatay sa ating mga gawa, kundi sa Kanyang mapagbiyayang katangian.

